DATE: 09 MAY 2009
PUBLICATION: ABANTE TONITE
SECTION/PAGE: p8



# Mas malawak na pautang sa mga magsasaka, siniguro ng RBAP

Sa kabila ng epekto ng global economic crisis, mananatili ang Rural Bankers Association of the Philippines (RBAP) sa pagtulong upang mas lalo pang mapaunlad ang mga kanayunan.

Makakaasa ang ating mga magsasaka na mabibigyan namin sila ng mas malaking pautang ngayong taon," pahayag ni Tomas Gomes IV, RBAP president. "Kami ay nananatiling tapat sa pagtulong upang mas mapaigting ang pag-unlad sa kanayunan, lalo na ngayon sa gitna ng pananalasa ng pandaigdigang krisis," aniya pa.

Umaabot sa P35.2 bilyon ang nailaang investment para sa sektor ng agrikultura mula end-September, batay sa datos ng industriya. Ito ay kumakatawan sa 32% na loan portfolio ng mga rural bank, ayon sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP).

"Ang daming mga pautang (sa sektor ng agrikultura) ay nananatiling higit sa 30% ng kabuuang pautang ng rural bank sa nakalipas na tatlong taon," ayon kay Gomez.

Ipinapakita ng mga datos na ang mga pautang ng rural banks sa sektor ng agri-agra ay patuloy na hinihigitan ang mandatory allocation na 25% na nakalaan para sa sektor na ito, kung saan, 50% ng kabuuang pautang ng rural bank ay dito napupunta. Mula 2002-2008, patuloy na hinihigitan ng mga rural bank ang 25% mandatory credit allocation, na may average na 46% ng kabuuang pondong pautang para sa sector ng agri-agra.